

Kailan ko makukuha ang mga resulta ng aking pagsusuri?

- Sa loob ng dalawang linggo, ikaw at ang iyong doktor ay makatatanggap ng liham na nagsasaad ng resulta ng pagsusuri.
- Kung may natagpuan sa iyong pagsusuri na maaring mangailangan ng follow-up, ipaalam agad ito sa iyong doktor.
- May 5 hanggang 6 babae sa 100 kababaihan ang mangangailangan ng karagdagang eksaminasyon pagkatapos ng kanilang unang pagpapasuri. Normal na bahagi ito ng proseso ng pagsusuri.
- Pagkatapos ng mga karagdagang eksaminasyon, karamihan sa mga babae ay magkakaroon ng normal na resulta at kailangan silang bumalik sa programa para sa kanilang susunod na pagsusuri.

Mayroon ba akong babayaran?

Wala. Ang mga screening centre ay may pondo mula sa Manitoba Health.

Gaano kadalas ako dapat magpasuri?

Upang maagang makita ang cancer sa suso, mahalagang magpasuri tuwing ikalawang taon o ayon sa rekomendasyon ng Programa o ng iyong doktor.

Paano kung ako ay wala pang 50-taon gulang?

Kailangang kausapin mo ang iyong doktor kung ano ang pinakamabuting programa para sa kalusugan ng iyong mga suso.

Saan ako makikipag-appointment?

Hindi na kailangan ang referral mula sa doktor. Tumawag lamang sa telepono upang gumawa ng iyong appointment sa alin mang Breast Screening Centres na nakalista sa ibaba.

Winnipeg:

5-25 Sherbrook Street
Winnipeg, Manitoba R3C 2B1
Telepono: (204) 788-8000 o 1-800-903-9290

Brandon:

Nurse's Residence 620 Frederick Street
Brandon, Manitoba R7A 5L2
Telepono: (204) 578-2040 o 1-800-903-9290

Thompson:

Thompson General Hospital
871 Thompson Drive South
Thompson, Manitoba R8N 0C8
Telephone: 1-800-903-9290

Morden Winkler:

Boundary Trails Health Centre
Jct. Hwy 3 & 14
Box 2000 Stn. Main
Winkler, MB R6W 1H8
Telephone: 1-800-903-9290

Mobile Locations (mga palipat-lipat na lokasyon):

Ito ay palipat-lipat na lokasyon sa lalawigan ng Manitoba. Upang malaman ang lokasyon at pagkuha ng appointment, tumawag sa: 1-800-903-9290.

All translated materials completed in partnership with
Sexuality Education Resource Centre

November 2009

Ikaw ba ay babae na ang edad ay 50 taon gulang o higit pa?

Ang Maagap na Pagtuklas ng Cancer sa Suso ay Maaaring Makapagligtas ng Iyong Buhay

Programa ng Pagsusuri ng Suso sa Manitoba



MANITOBA
BREAST SCREENING
PROGRAM

Bakit kailangan mong magpasuri ?

- Bawat taon, halos 900 babae sa Manitoba ang nasusuring may cancer sa suso.
- Bawat taon, halos 220 babae sa Manitoba ang namamatay dahil sa sakit na ito.
- Karamihan sa mga babaeng may cancer sa suso ay walang kamag-anak (sa dugo) na nagkaroon ng ganitong sakit.
- Habang tumatanda ang mga babae, lumalaki ang panganib na magkaroon sila ng cancer sa suso. 80% ng mga cancer sa suso ay natatagpuan sa mga babae na ang edad ay 50 taon o higit pa.
- Sa mga babae na taga-Manitoba na may edad 50-69 taon na nagpasuri, ang panganib na mamatay dahil sa cancer sa suso ay nabawasan ng 24%.

Ano ang Programa ng Pagsusuri ng Suso sa Manitoba?

- Ito ay isang programa ng pagsusuri sa mga babae na ang edad ay 50 taon o higit pa upang siyasatin kung sila ay may mga maagang palatandaan ng cancer sa suso kahit na sila ay walang mga sintomas.
- Kasama rito ang x-ray ng suso (mammogram) at impormasyon tungkol sa kalusugan ng suso.

Ano ang kailangan upang makalahok ako sa programang ito?

- Ikaw ay babae na ang edad ay 50 taon o higit pa.
- Wala kang cancer sa suso.
- Wala kang operasyon upang artipisyal na palakihin ang iyong suso.
- **Wala** kang mga sintomas sa iyong suso tulad ng pagtubo ng mga kakaibang bukol o paglabas ng dugo mula sa iyong utong.

Ano ang mammogram?

- Ang mammogram ay x-ray ng iyong mga suso. Maaaring makita nito ang ang karamihan ng uri ng cancer sa suso nang 2 hanggang 3 taon bago pa man ito maramdaman.

- Ito ay gumagamit ng napakababang dosis ng radiation.
- Ito ang pinakamagaling na paraan upang maagang matuklasan ang cancer sa suso.

Paano ito ginagawa?

Ang technologist ay kukuha ng dalawang x-ray ng magkabilang suso. Ang iyong suso ay maingat na padidiinan sa gitna ng dalawang magkasaklob na lapad na plastic upang maayos na makunan ng larawan at mabawasan ang dosis ng radiation. Hindi ito mapanganib sa suso at ilang segundo lamang ang itatagal ng x-ray ng bawat suso.

Ano ang mararamdaman?

- Karamihan sa mga babae na nagpapa-mammogram ay hindi nasasaktan. Ang iba naman ay hindi komportable at iilan lang ang nagsasabing ito ay makirot.
- May ilang babae ang **maaaring** magkaroon ng pamumula o pasa na karaniwang nawawala pagkaraan ng ilang araw. Minsan, maaaring magkaroon ng gasgas kung naging napakanipis na ng balat sa may ilalim ng suso sa may linya ng bra. Maiiwasan ang problemang ito kung pananatiliing tuyo ang balat sa ilalim ng suso.
- Kung makirot ang iyong suso, subukang uminom ng gamot na pampaalis ng sakit (mild pain reliever) isang oras bago gawin ang iyong mammogram



Paano ako makapaghahanda para sa aking appointment?

Ipahuhubad ang iyong kasuotan mula sa baywang pataas at pagsusuutin ka ng gown. Iminumungkahi namin na magsuot ka ng dalawang pirasong damit pagpunta sa appointment upang ang pang-itaas na lamang ang huhubarin mo. Ang pagsusuri ay pribado. **Huwag maglagay ng deodorant, pulbos o lotion sa ilalim ng braso o parte ng katawan na malapit sa suso dahil maaaring makita ang mga ito sa x-ray.** Huwag ding maglalagay ng pabango dahil kami ay nasa isang lugar na hindi maaaring magpabango (scent-free environment).

Ano ang mangyayari sa screening centre?

- Sasalubungin ka ng isang taga-tanggap (receptionist)
- Hihilingan kang sagutin ang isang palatanungan tungkol sa kalusugan.
- Isang babaeng x-ray technologist ang kukuha ng mammogram ng iyong mga suso.
- Pagkatapos ay maaari kang manood ng isang video tungkol sa mga paraan para mabawasan ang panganib na magkaroon ka ng cancer.
- Makakakuha ka rin doon ng isang kit para sa pagsusuri ng cancer sa malaking bituka (colorectal cancer)
- Humigit-kumulang ay tatagal ng 30-minuto ang iyong pagbisita sa screening centre.

Nakikita ba ng pagsusuri ang lahat ng cancer sa suso?

Hindi. May 2 sa bawat 10 cancer sa suso ang hindi nakikita sa mammogram. Ito ang dahilan kung bakit mahalagang malaman mo ang normal na itsura at pakiramdam ng iyong mga suso at nagpapatingin ka nang regular sa iyong doktor upang ipasuri ang iyong mga suso. Kung may natuklasan kang bukol o iba pang pagbabago sa iyong suso bago sa iyong kasuod na mammogram appointment, pumunta agad sa iyong doktor!

Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga panganib at kabutihan ng pagsusuri sa pamamagitan ng mammogram sa aming website sa www.cancercare.mb.ca.